k a b y a w a n

MGA TULA PARA SA MGA MANGGAGAWA NG HACIENDA LUISITA

CHAPBOOK VI
K I L O M E T E R 6 4

Panahon ng anihan nang iputok ng mga manggagawa ng Central Azucarera de Tarlac (CAT) at mga manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita Inc. (HLI) ang welga.

Kabyawan.

Panahong tatabasin ng mga manggagawang-bukid at ikakarga sa mga trak ang mga inaning tubo na siya namang ipoproseso ng mga manggagawa ng CAT upang gawing asukal, alkohol at iba pang produkto na siya namang dadalhin sa mga merkado na siya namang babayaran ng mga *consumer* ng katumbas na halaga ng salapi na siya namang babalik sa bulsa bilang tubo ng mga Cojuangco/Aquino na pangiti-ngiti at padasal-dasal habang hinihigop ang kanilang mga kape na lalagyan nila ng sobrang tamis na asukal na siyang tinabas at prinoseso ng kanilang mga manggagawa at mga manggagawang-bukid na binabarat nila sa mga *collective bargaining agreement* at tinatanggalan ng mga lider para mabuwag ang unyon na humihiling lang naman ng makatwirang pagtaas ng sahod at karapatan sa lupa na siyang dinilig ng dugo ng *dream team* ng 14 trak ng AFP-Nolcom/PNP, dalawang APC, apat na *firetruck*, at isang

bulldozer na binigyang awtoridad ni Pat Sto. Tomas na ipatupad ang *Assumption of Jurisdiction order* na nag-uutos na itigil ang welga, alisin ang *picketline*, bumalik sa trabaho dahil iligal ang welga na siyang nakakatawa kasi noon pa naman wala namang legal na welga para sa DoLE na institusyong kontrolado ng mga masasalaping kapitalista na siyang nagiging dahilan upang mawalang-saysay ang mga kahilingan ng mga mangagawa at manggagawang-bukid na iniinsulto pa sa pagsasabing sinulsulan lang ng mga *outsider* na para bang sinasabing walang kakayahang mag-isip at magpasya para sa kanilang sarili ang mga welgista.

Toink.

Sa edisyong ito ng aming kalipunan, bibigyan namin ng pagpupugay ang magiting na paninindigan ng mga manggagawa at manggagawang-bukid na hanggang ngayon ay nakawelga sa Hacienda Luisita sa Tarlac.

Ituloy ang laban. Ituloy ang welga.

Rustum Casia
Enero 2004

Alexander Martin Remollino

MGA BUKAS NA LIHAM SA HACIENDA LUISITA

I
Sa tamis ng bawat iluwal mong butil ng asukal
ay pait ng luha't pawis ng sakada't manggagawa
na nilalamon ng kagutuman.
Sa bawat pakikibaka alang-alang sa buhay
ng mga nagbubungkal ng iyong lupa
ay may paghingang pinuputol ng mga punlo
sa ibabaw ng iyong nabubundat na tiyan.

Hacienda Luisita,
saanman ibaling ang mga mata
ay mukha mong nakangisi ang natatanaw:
nakikita ko sa iyong mga pinaslang na welgista
ang mga ibinuwal na sakada ng Escalante
at mga itinumbang magsasaka sa Mendiola.

Magpista ka, Hacienda Luisita,
sa tamis ng dugo ng mga binaklasan ng buhay
nang dahil sa paggigiit ng karapatang mabuhay.
Ngunit mangilabot ka,
pagkat wala pang nakapagbubuwal
at walang makapagbubuwal
sa Bundok Arayat!

II
Gaano maaaring kumapal ang mukha ng tao?
Higit pa sa kapal ng etera
ng buong kalawakan.

Kaya naman nasisikmurang magyabang ng tao
kung kanyang naipambibili ng pinakamahal na mga alahas
ang dugong piniga mula sa nag-uusliang ugat
ng mga manggagawa't sakada sa tubuhan.

Ngunit hanggang saan makalilipad ang kapalaluan?
Hindi sapat ang kislap ng mga alahas
upang pawiin ang pagdidilim ng karangalan.

Kristina,
ngayon pa lamang ay nalulusaw na ang inyong pangalan
sa naglalagablab na panduduro ng kasaysayan
na magsasalaysay ng inyong kaimpaktuhan.

III
Mga maharlika ng mapapalad sa sandaigdigan
ang iyong mga kabayo, Mikaela Cojuangco.

Ni hindi madapuan ng init ang iyong mga kabayo
sa kanilang nakaerkong mga estable,
habang sakal ng init-kalan ang inyong mga sakada
sa kanilang mga tahanang masasahol pa sa lungga ng daga.
At ay! sawimpalad ang iyong mga kabayo
sa isang araw na di makapag-ulam ng karneng inangkat,
samantalang pista na sa inyong mga sakada
ang sila'y makapag-ulam ng kahit bulati.

Bakit may mga nag-aaklas na Escalante, Mikaela Cojuangco?
Sapagkat kayraming kawangis ng inyong mga sakada
sa iba't ibang panig nitong Pilipinas.

At sa bawat mabuwal sa bawat Escalante,
dumarami ang manghaharana ni Jocelynang Baliwag.

IV
Hinding-hindi malunok nitong diwa
na kayong kahapon lang ay kapalitang-salita
ay maaari ring nakilala ko na lamang
bilang mga pangalan sa isang luksang-parangal.

Sino silang naghasik ng kamatayan
sa lupang pinagtatamnan ng matatamis ninyong pangarap?

Galit ang magnanakaw sa kapwa magnanakaw.
Ngunit lalong galit ang magnanakaw
sa kanyang pinagnakawan —
lalo't binabawi sa kanya ang ninakaw.

Ay! silang mga dugong-bughaw na nagnakaw
ng inyong mga buhay, sila ang nagtanim
ng mga punlo sa lupa ng inyong pakikibaka.

Silang mga magnanakaw ay nagpapanggap na mga may-ari
ng lupang ni hindi nila dampian ng mga daliri.
Sa patuloy na pagbibigkis-bisig ninyo't ng tanang nakauunawa,
darating ang araw na sila'y magsisihalik sa lupa.

11/16-12/27/04

Santiago Villafania

HACIENDA LUISITA

Hacienda Luisita
sugar mills of
the lesser gods

Jonar Sabilano

KAY NINOY, SA BUKANA NG HACIENDA LUISITA

Halos dalawampung taon
matapos na matagpuan kang nalulunod
sa sarili mong dugo,
nakabantay ka pa rin —
buhay na batong pababa sa bakal na hagdan
upang mailigtas ang Inang Bayan.

Ngunit tila nakapagtatakang dito ka naluluklok:
sa bukana ng hacienda, nakikita mo ang lahat
ng pumapasok at lumalabas.
Nakikita mo ba ang mga pangyayari sa loob?

Ilang libong sakada pa ba ang hindi nabibigyan ng lupa?
Silang mga tanod ng lupang sumasaka
ng hindi naman kanila;
noong nasa ibang lupalop ka,
nakita ba sila ng mga mala-largabista mong mata?
Iilan lamang ba ang nakikinabang
sa lupang pinagdiligan ng bala?
Nakikita mo ba ngayon
ang palaruan ng panginoong maylupa?

Maaari ngang nasilayan mo sila
mula sa bintana ng eroplanong sinakyan mo pauwi.
Marahil, alam mo na talaga
na sila ang binabalikan mo.
Marahil, alam na rin pala ito
ng balang tumagos sa iyong sentido.

Nagawa pang muli kang buhayin sa marmol.
Ang mga mapanuri mong mata'y nakabantay
sa lahat ng pumapasok at lumalabas.

Ikaw ang tanod ng bayan,
ng isang buong hacienda —
ngunit ang iyong binabantaya'y
hindi mo nakikita.

Pinilit ka nilang tumalikod
sa ekta-ektaryang bukid ng mapait na tubô,
sa lupang pinagdiligan ng bala't dugo,
sa isang bayang naghihikahos.

Ikaw ay nakabantay
sa isang bayang dati mo pang kilala,
ngunit wala kang magagawa.

Mark Angeles

HACIENDA LUCIFERA

On a dark desert highway
lasang-pulbura ang air
isang armored personnel carrier
gumugulong mula sa Tarlac hell

Stairway to heaven ay pinutol
Akmang-pumanaog daw kasi ang rebulto ni Ninoy,

(dating senador na lumaban kuno sa diktador
at "nagpasuko" sa Kanang oportunistang si Luis Taruc)
Ipinagawa ng butihing maybahay
ng banal na ahente ng US CIA.
Nagmilagro daw ang Panginoon
nang mapayapang maitulot ang rebolusyon
(kailan pa nakasamang umawit ng mga anghel
ang mga dilawan at taksil?)
napatalsik ang diktador na si Marcos
at ipinalit ng Kano'y mula sa minyon
"trusted at tested" sa kanila'y nangungumunyon
(isama pang kay Danding ipinahawak
ang mga ari-arian ni Uncle Sam, di hamak!)

Pagkaupo ng balo, iwinagayway
ang Comprehensive Agrarian Reform Program
sa bulwagan ng Malakanyang
tila ba korona ng reynang punung-puno ng brilyante
habang sa paanan ng Mendiola
ibinuwal ng mga bala
ang labintatlong magsasaka.

.....

On a dark desert highway
lasang-pulbura ang air
isang armored personnel carrier
gumugulong mula sa Tarlac hell

Ipinasundo daw ni Cojuangco
galing sa Kampo Aquino
(base ng Northern Luzon Command),
naghakot pa ng pulis at militar

Welcome to Hacienda Luisita
Such a gory place
Such a brutal face
Plenty of guns and bullets in Hacienda Luisita
Any time of year
Violence stays here

Taun-taon daw nalulugi ang asukarera
downward spiral daw ang direksyon ng ekonomiya
lugi daw sa world market ang kanilang asukal
pagkat mas mura (kaya't mas "matamis")
ang asukal ng Thailand at Brazil
lalo na ang mga produktong inismagel.

Pagkaupo ng balo, iwinagayway
ang Comprehensive Agrarian Reform Program
sa bulwagan ng Malakanyang
tila ba setrong punung-puno ng brilyante
ipinangkukulata sa mga pesante

Kaya't mismong sa kanyang bakuran
imbes na itaas ang sahod ng mga naninilbihan
ginawang stockholders; minaniobra
karapatan ng mga manggagawa doon sa asyenda —
pinalitan ng machinized harvesters ang mga tabasero,
tinanggal ang tatlong daan sa kanilang trabaho

"Hindi sila patas!" anang isang manggagawang-bukid
Tugon ng magsasaka, "Iwasiwas ang ating karit!"
"Ating paduguin itong tubuhan
na laging sumusugat sa ating mga kamay."

Nagulantang si Kristeta sa inabutang balita
bato sa kanyang kwintas nalunok bigla
Nagtakbuhan ang mga alagang kabayo
ni Mikee (bawat isa'y nabili nang 40 milyong piso!)
Naalala ni Cory ang pagbitay sa tsar at tsarina
noong mapagpasyang bisperas ng paglaya ng Rusya.

And still those voices are calling from far away
Wake you up in the middle of the night
Just to hear them say

Welcome to Hacienda Luisita
Such a gory place
Such a bloody face
They're killing them up in Hacienda Luisita
What a "fair" surprise
Bring your alibis

Pasista! Pasista! Pasista!

Sa Pilipinas, ganito ang maximum tolerance:
Isang libong pulis na naka-full battle gear,
truncheon at anti-riot shield sa magkabilang kamay,
mga basyo ng tear gas,
60-calibre machine guns,
at isang armored personnel carrier
gumugulong mula sa Tarlac hell.

Sa Pilipinas, ganito ang higanti ng sambayanan:
mga gulok at karit na pantabas,
mga unyong nagliliyab sa mga pabrika't pagawaan,
libu-libong kamaong uhaw sa katarungan,

nagkakaisang prente,
at isang Partido,

walang kasike't asendero,
walang burukrata-kapitalista,
walang reaksyunaryo
walang imperyalistang mananakop —

magiging ganito ang Pilipinas balang-araw.

11/17/04

Mark A.V. Funcion

ASUKAL

Maputi at nangingintab
Sa supot mong hawak
Ang purong asukal na kay sarap.
Bilhin mo nang one-fourth, kalahati, o isang kilo
Pula man o puti, gaano man kadami
Patuloy ang pagkiliti.
Ilagay sa ulam, sa gulaman o sa kape,
Ikaw ang bahala.
Ngunit sa pagitan ng mga nguya at lagok,
Hiling ko lang sana:
'Wag mabulag ang iyong dila
  Sa asim ng pawis at libag ng pakikibaka, sa alat ng luha
                ng pagkaulila
  Sa lansa ng dugo ng pasismong tumagpas ng buhay
  Sa pait ng kahandaang mag-alay ng buhay ng mga sakada,
                magsasaka,
  Obrero at kanilang gutom na pamilya
  Makamtan lang ang P100 umento at iba pang benepisyo
  Upang maipantawid-gutom sa pagdarahop at pagkaalipin…
Mga sangkap na nagpapasarap
Sa hawak mong supot ng asukal,
Maputi at nangingintab.

Santiago Villafania

SONITO 207: HACIENDA LUISITA

News Item: Several protesters died on Tuesday (Nov. 16, 2004) when Philippine security forces broke up a protest by thousands of striking farmers and workers at a sugarcane estate owned by the family of former president Corazon Aquino.

para ed sikaran anakbanua
tan nianak ed boleg da'ra'y burgis
mas mabli ni so tabul na unas
nen say dala'n onterter ed dalin

masamit so linget na timaoan
pepespesen da ed darapilan
balet alay atap na inaoan
piogagep da ya nagamoran

dia'd beneg na magayagan lupam
nagnap kan kalbario O Luisita
ta sinalug da na dala tan lua
so makbul tan mabunan pagew mo

ampasager so pakataoay ko
ed subol na dilo'd saray susum

sariling salin mula sa Pangasinan

SONITO 207: HACIENDA LUISITA

para sa kanilang mga anakbanua
na isinilang sa lipi ng mga burgis
mahal pa ang katas ng tubo
kaysa dugong papatak sa lupa

matamis ang pawis ng timawang
pinipiga sa gintong darapilan
subalit mailap ang ginhawang
minimithi't inaasam-asam

sa likod ng maaliwalas mong mukha
ganap kang kalbaryo O Luisita
sapagkat dinilig ng dugo at luha
ang sagana at mayaman mong dibdib

walang kasing pait ang panlasa ko
sa bukal ng dilo sa 'yong mga suso

salin mula sa "Malagilion: Soniton Pangasinan"

Tata Raul G. Funilas

KATAS NG TUBO

Tanging ikaw lamang ang pamana ni Apo,

Sa paninigasig mo nabubuhay ang aming buhay,
Sa tuwing tumatawing ang iyong lunting dahon;
Sa tuwing humahagahas ang hishis ng iyong halas
Sa tuwing naninigasig ang iyong katangkaran.

Hindi alintana ang kati, hapdi ng aming katawan,
Hindi pansin ang lintos at lapnos ng sakong at palad;
Hindi pinapapasok ang pusok na nasa dibdib.

Dahil ang daloy ng iyong katas
Ay lagi at laging nagsisilbing
Pukyutan ng aming mga punggok
Na pangarap.

Subalit habang nalalagtas ang luoy mong dahon,
Habang iniipit ka ng gumigiyagis na bakal
At pumapatak ang matamis mong katas;
Inaangkin kang lahat
Ng aming among pinagsasakadahan.

Ang nalalagtas sa ami'y luha ng pangarap,
Ang naluluoy sa ami'y ang bikil at balagat;
Ang kumakatas sa ami'y isang balumbong along pawis.

Ngayon, ang sa iyo'y nagmamahal na sakada'y
Binababag ng bagabag ang lumigwak na utak,
Pulang dugo'y kumatas at pumatak;
Upang ang tigang na lupang ipinangako'y
Madilig ng aming sariwang dugong natigmak.

Dito sa aming lupang sinilangan:
Ang Hacienda Luisita.

11/20/04

Alexander Martin Remollino

NATUYONG TUBO

(Sa mga welgista ng Hacienda Luisita, matapos ang isang paglilibot sa naturang taniman ng tubo noong Enero 16)

At akala nila'y dilubyong lulunod sa lahat nilang alalahanin
ang gayuma ng gintong gantimpala sa iilang iskirol
at ang umulang tinggang laway ng mga baril.
Inakala nilang malulunod ng mga ito
ang pag-aaklas na isinilang
sa utak at dibdib ng mga manggagawa't manggagawang-bukid
na isinadlak ng mga huwad na may-ari ng lupa't asukalan
sa pamumuhay sa yungib ng kamatayan.

Nagsasalita para sa mga sarili nila
ang libu-libong ektarya ng tubong natuyo.

Noel Sales Barcelona
ASUKAL

Strikers dispersed at Luisita; 7 dead
Cory brother says ralliers are not part of work force
Jo Clemente and Ronald Dizon
PDI Central Luzon Desk

HACIENDA LUISITA, Tarlac City—In a dispersal remniscent of a bloody Mendiola rally in 1987, at least seven people died when police and military dismantled barricades set up by workers of a sugar mill owned by the family of former President Corazon Aquino. Ms. Aquino was just 11 months in Malacañang when government forces killed 13 farmers on Mendiola Bridge during dispersal on Jan. 22, 1987. The farmers were demanding "genuine" land reform, including the distribution to workers and farmers of the 6,000-hectar Hacienda Luisita, which is owned by the family of the former President. As of 8 last night, four fatalities in the dispersal here had been identified as Jesus Lasa of Concepcion, Tarlac; John David of Barangay Cutcut, Tarlac City; Juancho Sanchez of Barangay Balete, Tarlac City, and Jimmy Pastidio of La Paz, Tarlac…

The Philippine Daily Inquirer
Front page, Wednesday, November 17, 2004
--

Welga sa Asyenda Luisita humantong sa MASAKER
Angel L. Tesorero/Mau Hermitanio

PINAPUTUKAN ng mga teargas at pinagbabaril ng mga sundalo ng 69th IB (Infantry Battalion) ang taumbayang Tarlakenyong sumusuporta sa mga welgista sa Asyenda Luisita. Inilagay sa kontrol ng militar ang buong Asyenda Luisita. Ipinairal din ang news blackout. Gayunman, nagbalita rin ang DZRH at ANC News bandang hapon. Isang cameraman ng ABS-CBN ang naiulat na nabaril…

Pinoy Weekly
Ulong Balita, Vol. 3 Blg. 43 Nobyembre 17-23, 2004

I.
Ah! Kaysarap, kaytamis
ng asukal: primera, segunda,
tercera — humahalimuyak
Samantalang pinaglalasa
Sa isang tasang umuusok na kape.
Katipan ng kape: tustadong pandesal
Para sa isang masarap na almusal.

Ipapahid ni Utoy ang mantekilya,
Sabay budbod ng asukal.
Manamis-namis ang lasa.
Kaysarap lantakan kasabay
Ng kung anumang inuming
Nasa tangang baso o tasa.

Kaysarap mag-almusal!
Kaysarap higupin ng kapeng
Pinatamis ng asukal.
Ano ang lasa ng kape
Kung walang asukal?

Ano ang lasa ng tinapay
Na hindi inasukalan?
Masisiyahan ka ba sa kalamay
Na wala ni bahid ng asukal?

II.
Balat nila: sunog sa araw.
Lipakin ang palad, magaspang.
Ang mga paa, sugat-sugat
Dahil sa pagbaon ng siit
ng tùbong pang-agdong buhay.
Mahapdi ang sikat ng araw.
Sa butil-butil na pawis sa noo,
Makilas ang kamay
Hinahawan ang linang
Upang ang tamis ng kape

Ay maisilbi sa almusal.

Tiis… Tiis… Tiis…!
Ang sabi sa sarili.
Busabos kang inilihi
ng iyong inang nabaon na rin
sa lupang nag-iiwi sa tubuhan…
Nabaon na ni isang ligaya,
Wala siyang natikman…

Yaong tubuhang saksi
sa tila pagmamaramot
sa iyo't sa kanila
ng imbing kapalaran…

III.
Dinadalahit ng ubo si ama —
Dahil araw-gabi, sa pugon
Kaharap ang di-matambayang init
Isinusubo ang gatong
Sunog na rin ang baga
Dahil sa tuberkulosis.
Bunga ng init at lamig
Ng mga gabing kailangang
Gilingin, pakuluin, katasin
Ang mga tubo para tamis
Ng buhay ay lumasa sa dila…

Doon, sa kabyawang
Laging kaulayaw
ng lipaking kamay
at bisig na ugatan…

Gapos ng hirap —
Kakabit ng puso
at kaluluwa:
Lupang mataba
sa Hacienda Luisita.

Doon, sa mga lupaing
Pawis nila ang nagpapataba
Sa lupang kakabit na ng buhay:
Doon binuo, winasak
Ang tinipong mga pangarap.

IV.
Ilang putok ng garand
Ang umalingawngaw,
Amoy ng pulbura at dugo,
Sumama sa hanging amihan.

Tinugis sila! Tinugis silang
Parang mga hayop sa ilang —
Gaano man kabilis ang paa
Agad din naabutan ng
Punglong babaon sa laman!

Ah! Parang hayop sa katayan
Samantalang dugo sa ugat nila
Ang tamis ng asukal na
Nagpapayaman sa kanilang
Ganid sa kawalanghiyaan!

Jesus, Jesus! Hindi na mayayakap
Ang init ng katawan mo ng
Iyong asawa't supling!

Jaime, Jaime! Hindi mo na maririnig
Ang tinig ng iyong sinisintang
Kaanak, kaibigan at kadugo!

Jhaivie, Jhaivie! Sa hukay
Na lamang ihahandog
Ang katibayan ng iyong pagtatapos!

Sino na ang kalaro
Ng iba pang paslit,

Gayong inagaw
Na ang buhay ninyo?
Mababasa pa ba't
Maisisigaw ng munting bibig
Ang taginting ng Abakada?

Labing-apat na katawang
Singlamig ng hatinggabi
Ang tinanglawan ng
Kandila — nakakahon.

Laza, Pastidio,
Pascual, Basilio,
Valdez, Sanchez,
David, Caballero —
Labing-apat na busabos
Kinitlan ng buhay
Dahil sa karapatan!

V.
Dito sa aming mga dibdib,
Nakalimbag ang inyong mga pangalan.
Sa aming isip, sa diwa naming
Hindi kayang palamlamin
ng anino ng nagtataasang tubo —
alingawngaw ng paghihimagsik
ang naririnig, nagsusumiksik…

Sumpa namin sa harap ng inyong libing,
Sa puso nami'y hindi magmamaliw,
Ang galit, poot, himagsik
Laban sa kanilang tuso at ganid!
Walang pag-uulik-ulik,
Sa madaling-araw ng himagsik,
Dugo ninyong pinatigis,
Niyaong bayakang mababangis
Na sa tubo'y pampatamis —
Sa pagtudlang sakdal init

Singasing sa dibdib na mabalasik,
Araw ng paniningil ay sasapit
Uutasin, silang mga ganid!

Pagpula ng silangan
Tunay na tamis
Wala na sa tubuhan —
Kundi yayapusin,
Sa timyas ng kalayaan!

Maryjane Alejo

ISA LAMANG SA MGA HINDI NA NABALITAAN

Nang magpaulan sila ng bala,
Tumakbo hanggang may lupa
Ang isang kinse anyos na binata.

Ngunit may narinig siyang ngumangawa
Sa ilalim ng trak na pinagkakargahan
Ng mga tubong pinagkakatubuan
Ng mga Aquino at Cojuangco —
(Silang may mahabang listahan
Ng utang na dugo!)

Mahigit kumulang
Isang taong gulang
Na sanggol ang kanyang
Tinangkang isalba. Sa pagkaripas,
Inabot ng batuta at kulata
Ang tumanda sa paggawa
Niyang murang
Tadyang.

Sa lupit ng bigwas, nabitiwan at tumilapon
Sa malalim na kanal ang hawak na sanggol.

Gustuhin man niyang balikan,
Baril na ng pulis at militar ang nakaharang.

Gustuhin man niyang balikan,
Siya naman ang mapapatimbuwang.

Sa pagitan ng mga salitang paputol-putol,
Ng hikbi at paghagulgol,
Ang huling balita ayon sa binata,
Hindi na nakita ang naturang sanggol.

Gaya rin ng sinapit ng daandaan pang
Habambuhay nang nagpakasakit
Sa pagtatanggol.

Rustum Casia

ASUKAL

sinikap niyang tumayo.
sinikap niyang makadampot ng bato
upang ipukol sa mga sundalo.
di man sapat kumpara sa armadong pwersa nito.

sinikap niyang magsalita.
sumigaw, isigaw na kahit sa kamatayan
handang manindigan
ng anakpawis para sa kanyang katubusan,
isigaw na matagal na siyang namatay
dahil sa di makataong mga polisiya.

ipinikit niya ang mga mata.
hindi bilang pagsuko sa kawalan.
hindi upang iwan ang kanyang ipinaglalaban.
hindi.
dahil paulit-ulit man ang kamatayan,
ang buhay niya'y paulit-ulit din niyang
ilalaan.

11/18/04

/spin
AZU CARERA

Umuulan ng paa
Dito sa lupa para ng sa langit.

Eksena na iilan lamang ang nakasaksi
Ganitong lahat ay nakatingin sa malayo.

Saan kayo papunta?

Doon sa tinutumbok ng mga ungol,
Kay daming ngipin ang nalagas.

Huwag iwan ang isinuot niyang kamiso.
Nakamarka rito ang sagradong mukha
Ng mga duguang obrero.

Saan kayo papunta?

Doon sa tinatambang ng putok,
Isang tangkay ng tubo ang nabuwal.

Huwag iwan ang tinanganan niya nang mahigpit.
Matamis pa rin ang karit
Kahit pinatanda na ng kalawang.

Sa pagpikit ang umpisa ng paglimot.
Ngunit anong pait
Nitong huling larawang aking nakikita.
Umuulan ng paa sa aking harapan.
Waring pumapaalanguang ang mga sakripisyong
Nagbibigay-lasa sa ating mga salamisim.

Ito ba ang katubusan ng lahat-lahat?

Kung saan man kayo papunta,
Kung saan man kayo mapunta,
Bumalik kayo.
Huwag sana ninyo akong kalimutan.

11/20/04

Kristian Cordero

MGA ALIBANGBANG SA AZUCARERA

Oolyohan ko an puso ko
nin paglaom na kamo magigin
mga alingbangbang, ta susog
sa mga gurang an mga tawong
nagagadan nagigin siring:
haros banggi an kabaing kan kaituman
na may wirik nin dikit na puti asin pula
sa gayad nin pakpak.

Madaling aakoon an kagadanan
kun siring an mangyayari.
Pababayaan kong maglayog
an mga alibangbang paduman
sa mahiwason na azucarera
duman libreng susupsupon
ninda an hamis kan burak na minasupang
hali sa poon kan mga tubo na saindang tinanom,
na pinahamis kan asgad nin saindang gan'ot.

Makakalibot pa an mga alibangbang
sa hardin na pano nin burak
makakanamit nin manlain-lain na nektar
kan santan, rosal, jasmin, sampagita
alagad an patanid, magmaan man nanggad,
ta an aki nin may sadiri kan azucarera
anggot sa mga alibangbang, ta minsan
ining nasungot kan talbo na hali sa pakpak
madaling niyang ikabuta.

Kun kaya nagin bisyo niya an pagdakop
nin mga alibangbang, kun makua niya ini,
sisigurohon na dai na ini makakalayog,
gagadanon dangan babaladon sa saldang
o kaya ipapahipit sa libro nin pirang aldaw,

sariling salin mula sa Bikolano

MGA PARU-PARO SA AZUCARERA

Hihilumin ko ang puso ko
ng pag-asang magigi kayong
mga paru-paro, dahil ang sabi
ng mga matatanda, ang mga taong
namamatay nagiging katulad nila:
parang kulay gabi ang kaitiman
may kaunting puti at pula
sa gilid ng kanilang mga pakpak.

Madaling tatanggapin ang kamatayan
kung ganito nga ang mangyayari.
Hahayaan kong lumipad
ang mga paru-paro papunta
sa malawak na azucarera.
Doon, malaya nilang sisipsipin
ang tamis ng mga bulaklak na
tumutubo mula sa mga tubo
na kanilang itinanim, pinatamis
ng alat ng kanilang mga pawis.

Makakapaglibot pa ang mga paru-paro sa hardin
na puno ng mga bulaklak, iba-iba ang nektar
ng santan, rosal, hasmin, sampaguita,
subalit may isang babala, mag-ingat pa rin,
sapagkat ang anak ng may-ari ng azucarera ay galit
sa mga paru-paro dahil minsan itong napuwing
ng pulbos na mula sa pakpak na madali niyang ikabulag.

Kung kaya kinahiligan nito
ang manghuli ng mga paru-paro,
kung mahuli niya ang mga ito,
titiyakin niyang hindi na ito muling makakalipad,
papatayin at papatuyuin sa init ng araw
o kaya ipapaipit sa pahina ng mga libro ilang araw,

dangan kun alang na, tutusokon
nin dagom an sadit na hawak kan alibangbang,
ilalaog sa kahon, lalaagan nin salming
tanganing ikabit sa ringring
garo baga arog kan hitsura nindo
na yaon sa laog kan minamansayan na kabaong.

At kung tuyo na, tutusukin niya ng aspili
ang maliliit na katawan ng paru-paro,
ipapasok sa isang kahon, lalagyan ng salamin
at isasabit sa dingding, parang katulad ninyo
na nasa loob na ng tinitingnan naming kabaong.

Alexander Martin Remollino

NOON PA SILA IPINANANAGHOY NG MGA BATINGAW

No man is an island, entire of itself; every man is a piece of the continent, a part of the main.

If a clod be washed away by the sea, Europe is the less, as well as if a promontory were, as well as if a manor of thy friend's or of thine own were.

Any man's death diminishes me, because I am involved in mankind. And therefore never send to know for whom the bell tolls; it tolls for thee.

— *John Donne, "Meditation XVII"*

Napuputlan ng kapiraso ang ating hininga
sa bawat kamatayan,
sapagkat magkakarugtong ang hininga ng lahat.
Noo'y may nagsabing walang taong pulo,
na lahat ng tao'y piraso ng kontinente.
Ngunit ang pulo ma'y iniuugnay ng dagat sa mga kontinente.

Gayunma'y walang nababawas
sa mga di nagkaapoy sa dugo
nang ang mga puso ng mga kapwa taong nangarap na mabuhay
ay putlan ng tibok.

Sila'y mga kawing na nahiwalay sa kuwintas.

Noon pa sila ipinananaghoy ng mga batingaw.

Rustum Casia

POSTERIZED

kay jhayvie basilio at sa batang nagkuwento tungkol sa kanya

inosente ang litrato.
walang bakas ng karahasan
isang masayang mukhang
nangarap na magkaroon ng pagkakakitaan.
pambili ng gel.
pambili ng silver na bling bling.
pambili ng bagong sapatos.
pambili ng panregalo sa crush.

tulad niyo rin siya.
mega-project sa litrato.
todo ngiti bago ang flash.
pero di nyo na siya makikilala.

iba na ang itsura niya sa picture.

Mark Angeles

KUMINTANG NI MARCELINO BELTRAN

Pawis at dugo
pawis at dugo
pawis at dugo

gumugulong na mga butil ng pawis
sa mga tupi ng aking balat
mapulang dugong sumambulat
mula sa binutas kong katawan

hindi naaagnas ang malay

tatagpasin ng aking lingkaw
at ng lingkaw ng aking mga kasama
ang mga damong tumubo sa paligid
ng bunganga ng Hacienda Luisita
gigilitin namin ang kanilang leeg
at isasabit ang kanilang bangkay
sa bulwagan ng Malakanyang

upang masaksihan ng madla

ang mga ito ang inalayan namin
ng aming

pawis at dugo
pawis at dugo
pawis at dugo

ang mga ito ang inalayan namin
ng aming mga anak at asawa

duraan ninyo, mga kababayan ko
ang kanilang mga bangkay,

dustahin ang kanilang minudensiya
sapagkat hindi sila karapat-dapat
alayan ng pawis at dugo

sapagkat sila'y karapat-dapat
na paslangin ng ating mga kamay
na siyang nagpapabundat ng kanilang tiyan
na siyang nagtatayo ng kanilang mga mansyon
na siyang nagpapaaral sa kanilang mga anak sa Amerika

mula sa ating pawis at dugo
mula sa aking pawis at dugo
nang ako'y ratratin ng mga sundalo
sa tapat ng aking bahay

hindi naaagnas ang malay

dukutin natin ang mata ng karimlan
at sunugin sa apoy ng ating poot at pag-asa.

Usman Abdurajak Sali

MASAKER

Pinagbabaril muna sa Camp Capinpin
ang tangkeng ipambubuwag ng piket.

Sinugod-dinaluhong ng mga mersenaryo,
Pinaulanan ng bala ang mga nagwelga.
Maraming sugatan, maraming tinamaan.
Sinapit ng iba'y malagim na kamatayan.

Ang isinangkalan ng mga mersenaryo
sa walang kapararakang pamamaril nila
ay ang mga tama ng bala sa tangke,
na pinagbabaril muna sa Camp Capinpin
bago ipinambuwag sa malaking piket
ng mga manggagawa't manggagawang-bukid.

Hugas-kamay kaagad ang mga berdugo,
Pati ang mga nag-utos ng masaker.
Subalit sino'ng hindi makakikilala
sa suot nilang kakulay ng ahas?
Subalit sino'ng hindi nakakaalam
na may kapangyarihan ang nag-atas?

Hugas-kamay kaagad ang may pananagutan.
Ang may pananagutan kaagad pinagtakpan
ng mga nag-atas na nasa kapangyarihan.
Ang walang kinalaman ang pinagbintangan.
(At pinatay nila si Ka Marcing Beltran,
sa layon nilang lalo pang mapagtakpan,
ang mga nag-atas at ang mga kulay-ahas.
Ka Marcing, sa iyo sila rin ang umutas!)

Subalit alam na alam na ng lahat,
Na kulay-ahas ang kanilang suot.
Na may kapangyarihan ang nag-atas.
Na sinadya nila ang pandarahas.

Sapagkat bakit kailangang pagbabarilin
muna nila ang tangke sa Camp Capinpin
bago buwagin ang piket sa Hacienda Luisita?

Alexander Martin Remollino

MAGSANLIBO MAN ANG KANILANG BUHAY

(Sa alaala ni Abelardo "Abel" Ladera, konsehal ng Tarlac City at kaisa ng mga welgista ng Hacienda Luisita; pinaslang noong Marso 3, 2005)

Binitay ka nila, Abel Ladera —
at ano,
ano ang iyong sala?
Wala kang kasalanan,
liban sa dalhin sa lingkurang-bayan
ang mga panawagang matwid
ng mga ninakawan ng buhay.
Hindi ka nagpakalasing
sa kapangyarihan ng katungkulan,
manapa'y minarapat mong ibalik
sa mga manghahalal
ang mga bunga ng tiwalang sa iyo'y iginawad —
at dahil dito,
ang sinapit mo'y ang Golgota.

Abel Ladera,
isang awit ang noo'y nagsabi:
"Kung ano ang iyong inutang
ay siya ring kabayaran."
Ngunit magsanlibo man ang kanilang buhay
ay kulang,
kulang itong pambayad
sa puso mong kanilang pinasambulat —
sapagkat ang buhay ng mga tulad nilang gahaman
ay magaan pa,
magaan pa sa isang pirasong alikabok.

Tata Raul G. Funilas
DUGO'T PUNGLO

Magkakasundo,
Ang dalawang panig;
Ang langit at ang lupa.

Walang napagkasunduan,
Ang langit ay natulog
Ng ubod himbing.
Ang lupa ay hindi,
Bagkus ito'y nagpuyat;
Upang pagputiking malapot
Ang natitigang nilang putik
Sa lupang sinilangan.

Nobyembre 16, 2004, alas tres y doce ng hapon,
Sinundo ni kamatayan sa naglulusak na putik
Ang mga sakadang doon na isinilang
Sa nilulusak nilang putik .

Doon na lumaki,
Bumalagat ang bisig
At kuminag ang ligating balat.

Si Jesus Laza, John David,
Jimmy Pastidio, Juancho Sanches,
Adriano Caballero Jr. at Jessie Valdez.

Nagkasundo silang hindi matitinag sa hanay,
Na magtatampisaw sa lupang kanilang pinagpuputik;
Kahit ang sumundo sa kanila'y si kamatayan.

Sa harap ng labing dalawang libong taong sakada,
Sa harap ng pitong daang pulis at batalyong militar;
Galing sa 69th IB, bumuga ang apoy na susundo
Sa mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita.

Ang azucarerang hindi man lang nakatikim ng pangako,
Ang lupang tubuhang hindi nakatikim ng umiral na batas;
Ang batas na dapat ipamudmod sa mananabas ng tubo.
Ang lupang binungkal ng kanilang ninunong ulani't
Arawin sa asyendang dinilig nila ng pawis.

Ngayon, dugo ang idinilig sa lupang walang batas,
Ang lupang hindi nasaklaw ng batas ng agraryo.

11/20/04

Rustum Casia

LUISITA

pito ang patay sa hacienda luisita.

ang private nurse ng hari ng afghanistan
ay isa palang pilipina.
vip ang turing sa kanya.

pero pito ang patay sa hacienda luisita.

binalikan na ni michael si ellaine.
nagkakalabuan na sina william at joey.
natuwa naman si chris.

habang pito ang patay sa hacienda luisita.

tinawagan na ni bush si gloria.
meet daw sila.

habang pito ang pinapatay sa hacienda luisita.

naiirita si erwin tulfo kung bakit
kailangang pakialaman pa ng kongreso
ang insidente sa luisita.
marami pa aniya ang mas mahalagang pag-usapan.
mas mahalagang pag-usapan.
mas mahalagang pag-usapan.
mas marami pang mas mahalagang pag-usapan.

kaysa pito ang patay sa hacienda luisita.
pito lang namang patay sa hacienda luisita.
wala naman silang mga pangalan.
di naman sila artista.
di naman sila kongresman.
di naman sila fil-am.
wala naman silang pangalan.

kaya ‘wag na silang pag-usapan.
’wag nang pag-usapan na

pito ang patay sa hacienda luisita.

ang kailangan ngayon ng bayan ay dasal.
magdasal ang bayan.
kailangang magdasal.
kailangang magdasal.

kailangan natin ng dasal ayon kay cory aquino.

kailangan.

”I’ve been an advocate of non-violence and I deeply regret that people had to get hurt on both sides.”
- Corazon Aquino

11/17/04

Jeremy Evardone

SIGE, MAGDASAL KA

para kay Cory Aquino

Hala, sige
magdasal ka, Corazon.
Ipangalandakan mo ang katuturan
ng napakamaka-Diyos mong pangalan.

Magdasal ka habang
nagkokoro sa panangis
at nagnonobena ng hinagpis
ang mga aliping deka-dekada nang iginugupo
ng mga disipulong tagasamba at tagasunod
sa panginoong kaangkan mo.

Magdasal ka habang
ipinuprusisyon ang mga bangkay ng mga aliping pinatay
at kumakalembang ang kampana ng kawalang-katarungan;
habang patuloy sa pandarahas
ang mga senturyong bundat sa katas
ng tubuhan ng inyong angkan.

Magdasal ka.
Ipangalandakan mong ipinagdarasal mo
ang mga biktima ng karahasan
sa inyong kahariang tubuhan.
Subalit sana'y hanggang d'yan na lang,
hanggang asta na lamang.
H'wag mo na sanang totohanin pa.

Pakiusap, Corazon,
h'wag mo nang ipagdasal sila
at mababastos lang ang kanilang kaluluwa.
Wala na nga namang pag-asa
na sumalangit pa sila

sapagkat dito sa kaharian ninyo,
dito'y malaon na silang nasa impyerno!

Sa halip ay ipagdasal mo ang inyong angkan
na walang kapantay ang pagkamakasalanan.
Ipagdasal mo kayong mga Cojuangco.
Subalit manghilakbot ka sana
dahil kahit na
ilampung libong Ama Namin ang iyong sambitin,
o ilampung libong milya ang paluhod na lakarin,
walang silbi ang iyong mga panalangin.
Sapagkat wala nang puwang sa langit o purgatoryo
at kahit si Satanas ay itataboy kayo!

11/19/04

Prex Galero

TE DEUM

Amidst this road I take,
in the oppression I receive
from these false lords
I serve my days for,
from these canes
I harvest on a hard day's work,
from this agony
I mourn for my family,
for my children
and their uncertain future,
and from my helplessness
that they've molded me
for I am but ordinary...
I belive in You.

To You I submit
my self and all
that defines my being.
To You I submit everything
that happens till I repel.
To You I submit
my life,
only for You.

And to You,
I beg;
take me to the place
where I'll be free.
In Your world, perhaps.
Or in Your loving arms maybe.
Just take me...
to where I'll be free,
Free from everything
that oppresses me.
Into Your comfort,
I pray to Thee.

Medel Mercado

CORY

Cory, huwag kang mabibigla kung talikdan ka ni Ninoy sa kabilang buhay.

Ano'ng silbi ng tangan mong rosaryo kung ang maganda mong si Kris ay isang ehemplo ng kaalembongan, kaartehan at kayabangan sa mata ng madlang naghihikahos?

At si Noynoy sa kapal ng salamin niya bakit di mo siya utusang magbasa ng aklat para sa karapatan at hustisya. Hindi ang pag-iingles lamang ng kung anu-ano sa harap ng telebisyon at pinagtatanggol ang pambabastos ni Korina sa isa ring naghihikahos.

Hindi ba nasasalat ng mga obispong bulag ang iyong palad tuwing hinahalikan mo ang kanilang kamay? Ang iyong palad na tila sutla — pinakinis at pinalambot ng mga kapus-palad.

Mga kapus-palad na umaasang mapapalitan ng matamis na kinabukasan ang kanilang pagpapakuba't pagpapahirap sa iyong asukalan, bagkus ay naging malagim na taniman ng kamatayan.

Wala ka bang utak at hindi mo naisip na kailangang ibigay ang dapat sa kanila kundi'y darating ang panahon na sila ay mag-aalsa o sadyang ikaw ang utak sa madilim nilang tinatahak?

Cory, huwag Diyos ang kausapin mo kundi ang iyong mga anak at ang mga trabahador na nagpapayaman sa inyo.

Usman Abdurajak Sali

WALANG DUDA

Walang dudang maiitim ang kanilang budhi,
Silang mga bayaran na kumalabit ng gatilyo
upang matuwa ang mga amo nilang naghahari.

Walang dudang naliligo sa sariwang dugo
ang malalambot na kamay ng mga Cojuangco,
ang mga amo na ganid sa tubo at salapi.

Walang dudang pangunahin ding salarin
ang kalihim ng DoLE na si S(t)a. Tanas,
Ang nag-atas sa pagbuwag ng piketlayn.

Walang dudang mananagot silang lahat,
silang may pakana at utak ng masaker.
Pati gobyernong kasabwat ng mga salot.

Magbabayad silang may utang na dugo,
Pagbabayarin silang may utang na dugo,
Sisingilin silang may utang na dugo!

Jeremy Evardone

KATARANTADUHAN SA HACIENDA LUISITA

Eh ano ngayon kung Rosal ang apelyido ng nanay ni Kagawad Abel.
At kung sakali, ano naman kung pamangkin nga siya ni Ka Roger?
Ibig sabihin ba'y komunista at NPA na rin siya?
Kung kaya't makatwirang paslangin niyo siya?
Katarantaduhan!
Eh bakit kayong mga Cojuangco at Aquino
Ay di naman mga kaano-ano nina Sto. Tomas at Arroyo,
Ngunit ganun na lang kung kayo'y magsabwatan,
Gamit pa ang militar at pulisyang bayaran.
Katarantaduhan!
Kayong mga salarin
Ang dapat na paslangin!

03/06/05

Alexander Martin Remollino

KABILANG SILA SA MGA SALARIN

Ang inyong mga kamay
ay nagpahid ng mga luha,
kundi man nakuyom,
sa inyong pagkakasaksi sa nangyaring krimen
ng mga maharlika sa Hacienda Luisita.

Bakit mahihiya?
Ito
ay tandang kayo'y tao pa rin
sa lipunang ito kung saan mga halimaw ang hari.

Ang dapat magtakip ng mukha
ay silang sumaksi sa krimen na manhid ang dibdib.
Kabilang sila sa mga salarin.

Isidro Binangonan

SA PAMILYANG MAMAMATAY-MAGSASAKA SA MENDIOLA MAN O LUISITA

Kayo,
at ang walang pakundangan ninyong
walang anuman:

Ekta-ektarya
ang mga pangakong ibinaon
sa inyong azucarerang
dinilig ng aming dugo,
sa lupang inararo gamit
ang aming mga talampakan,
sugatang sakong,
nangungulubot na tuhod,
ugat-ugat na braso,
kalyo sa hintuturo,
namumuting buhok,
nakakunot na noo
at kagat ng araw sa batok.

Kami ang nag-araro at nagtanim
ng sako-sako ninyong pangako.
At tulad ng pananabik sa ani
kapag sapat ang ulan,
ilang anihan ang aming inabangan,
sakaling matupad na ang pangakong
sariling lupa.

Sumandig kami sa pangakong iyan
na binitiwan ng inyong kaanak
na iniluklok namin sa kapangyarihan,
magdadalawang-dekada na ang nakakaraan:
Uunahin diumano ang kanilang tubuhan,
na sa amin naman dapat.

Ngunit hanggang ngayon,
hindi pa rin makabili
ni kalahating kilong asukal
sapagkat ang ipinapasahod
ay butil-butil lamang,
barya-barya lamang.

Kayo, oo, kayo,
at ang walang pakundangan ninyong
walang anuman,

minamarapat ninyo ang aming palakpakan
sa sahod na siyam na piso kada linggo.
Samantala, nananatiling hitik sa tubo
ang azucarera, lumalawak nang lumalawak
ang hacienda, dahil unti-unti ninyo kaming
pinapatay, unti-unting nauubos
ang inyong mga pinangakuan, unti-unting
naibabalik sa inyo ang ninakaw ninyong lupa.

Inyong-inyo na
ang ekta-ektaryang tubo
at tone-toneladang asukal
Ngunit hinay-hinay lang,
kung inyong mamarapatin,
matagal na kayong nananaba
dulot ng inyong ganid,
at baka sa wakas,

mamatay na kayo sa diyabetis.

Ronalyn Olea

HACIENDA LUISITA

Matapos paslangin ang mga manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita
Nanawagan si Cory sa lahat na manalangin para sa kapayapaan

Matapos paslangin ang mga manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita
Akusasyon ni Noynoy, NPA ang dapat na sisihin

Matapos paslangin ang mga manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita
Kung hindi raw lumabag sa batas ang mga biktima, naiwasan sana
ang trahedya

Matapos paslangin ang mga manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita
Hindi pa rin magbibitiw sa puwesto si Patricia Sto. Tomas
Hindi naman daw siya ang kumalabit ng gatilyo

Matapos paslangin ang mga manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita
Magiting pa ring nakatindig ang piketlayn

Matapos paslangin ang mga manggagawang-bukid sa Hacienda Luisita
Hindi igagawad ng sinumang diyos ang kapayapaan, Ginang Cory
Walang batas na mas mataas sa tunay na katarungan, Kris
At, oo, Noynoy, sumumpa ang NPA na parurusahan ang mga salarin

Lei

KASIGURUHAN

sa bawat taas-kamaong pagsalubong,
sa bawat matamis na ngiti ng mga manggagawang-bukid,
sa bawat pagpapahayag ng suporta ng batayang masang
binubugbog at pinaglalaruan
ng naghaharing uri,
sa bawat pagsigaw ng katarungan ng mga kasamang naiwan,
nasasalamin ang matatamis na ngiti ng martir ng tubuhan,
ang kaligayahan at kasiguruhan
na gamitan man ng kapangyarihan,
harangan man ng bala,
kumutan man ng tubig at kemikal ang ating mga pagal na
katawan,
hindi matitibag ang ating hanay.
itutuloy natin ang laban,
itutuloy natin hanggang kamatayan.

Louie Queano

HACIENDA

Di nawawaglit ang galit
Sa dibdib ng mga kasama
Nakaburol sa hinahon
Ang ligalig ng panahon

At mag-aalsa isaisa
Mag-aalsa nang samasama

Kaya naman
Walang patumanggang
Lulusubin ng kamao't karit
Ang kalupitan
Ng naghaharing uri
Sa ating lipunan.

Lagi ng mapula ang bukangliwayway
Lagi ng atubili ang armalayt na nakasukbit
Sa tagiliran ng pagkubkob.

At nakahanda na ang lahat
Oo, isang hudyat lamang

Handanghanda na ang lahat.

Alexander Martin Remollino

TARLAC

I
Sino nga ba ang nagsabing
kamatayan ang dakilang tagapagpantay ng lahat?

Nagkamali siya.
Ang mga patay
ay hindi pare-pareho.

Hindi lahat ng patay
ay nilisan na ng kanilang hininga.
May mga taong
di pa man sumasapit sa dulo ng tulay
sa pagitan ng buhay at kamatayan
ay higit nang patay
sa mga nakalibing na kinain na ng lupa
ang laman.

Sila ang mga di man lamang nagulantang
sa pagdurog sa mga buhay
ng mga ibig lumayo sa bingit ng pagkamatay.

II
Amuying mabuti
ang asukal na ihahalo sa kape o gatas
o inuming pampalamig:
baka sa bango nito'y nagtatago
ang sangsang ng pulburang kamakaila'y lumason
sa hangin ng Tarlac.

Duguan ang asukal sa maraming hapag ngayon.
Iwasan ang kasibaan sa asukal.
Masama kung dumami
ang asukal sa dugo,
at lalong masama

ang lumaklak ng dugo
nang di mo nalalaman.

III
Tama ka, Joey Ayala:
tunay ngang ang mundo'y magkabilaan.
Tama ka, Karl Marx:
ipinagbubuntis ng bawat bagay
ang kanyang kabaligtaran.

Maraming ulit nang nagdumilat ang katotohanan
ng inyong mga tinuran,
at ngayo'y nagsusumigaw ito sa Tarlac.

Bawat gintong kawing
sa mga pulseras at kuwintas ni Kris Aquino
ay tinggang lumuray sa laman at pumatid sa buhay
ng kayraming Jesus Laza.
Bawat panawagan ni Corazon Aquino
ng panalangin sa ngalan ng kapayapaan
ay dahas ng lupit na himig-panunuyo
sa tainga ni Satanas.
Bawat ngising dumungaw
mula sa mga bunganga nina Noynoy at Peping
ay luha ng mga inulila
ng mga mamamatay-taong kaaway
ng makataong buhay.

IV
Ang katulad mo'y ang Negros, Tarlac.
May sariling mga Hacienda Luisita ang Negros.
Ang Arayat ng Gitnang Luzon at ang Sierra Madre
ay naroon din sa Negros.

Sadirmata
ASUKAR

Over 100 sugar mill workers in Tuesday's riot at Hacienda Luisita in Tarlac are facing charges of alleged assault, illegal assembly, inciting to sedition, and malicious mischief at the city fiscal's office… xxxx The charges were filed after fighting erupted following a breakdown in negotiations for higher pay and the reinstatement of terminated workers. At least seven people were killed and hundreds injured in the clash at the plantation owned by former president Corazon C. Aquino's family.
- Breaking news, INQ7.net,
04:24pm (Mla time) Nov 17, 2004

anian a kinaironia daytoy ta isalbada nga isubli dagiti duyok?
siasino kadi ti nasken nga agikaro iti angaw dagiti putok,
iti darum dagiti immalsem a bennal ken iti pakaasi dagiti asukar?
ania ti katukad ti napugsat nga anges iti pagarian dagiti antutungal?
ania ti kaimudingan ti naibelleng nga innapuy iti encomienda dagiti ampipit,
ania nga ulpit ti nasken a pangisualit kadagiti kumkumpet iti kampit?

ay, adda kadi pateg ti maysa a ninoy a bannuar
no di laeng lima gasut a pisos a nakatapaya iti tallaong dagiti bunar?
ay, adda kadi arte iti arte-arte ti maysa a kris a taklesa
no di laeng kas panagputa iti salonan dagiti ilado a kallaysa?
ay, adda kadi, aya, serbi ti lualo ken rebulto ti maysa a cory a duyaw
no di laeng kas ar-arak iti baki ti balitok dagiti obispo ti lusiaw?

ngem fiesta dagiti salaksak ken uwak, banias ken musang
abunaw ti dara, agkaragilap dagiti partaan, agatibuor ti dagaang
ti sam-it iti daga a kimraang, ti pait iti naasukaran a leddaang
ay, piman dagiti naiwarsi a lasag ken utek ken tulang
ay, wen, piman dagiti nailangalang nga anges ken dallang
ay, dinto man maiwaksi ti panes ti mendiola ken namulandayan
agari ket agari-ari latta ti pasista a buli ken pulbora iti man kaunasan,
kapagayan, kanatengan, kabakiran, kaciudadan, malakaniang
maulit-ulit, maulit-ulit ti pasion ken trahedia, ti pandanggo ken chacha
dagiti nakabotas ken nakakombat, dagiti nakapatig ken nakakamoplads

sariling salin mula sa Iluko

ASUKAL

anong pagkaironya ito't sinasagip nilang ibalik ang mga unday ng saksak?
sino ba ang kailangang magdusa sa biro ng mga putok,
sa habla ng mga umasim na pulot at sa pakiusap ng mga asukal?
ano ang halaga ng nalagot na hininga sa kaharian ng mga langgam?
ano ang kaukulan ng natapong kanin sa encomienda ng mga hantik?
anong klase ng lupit ang kailangang ipanligpit sa mga talim ay kumakapit?

ay, mayroon bagang halaga ang isang ninoy na bayani
kung di lamang limang daang pisong nakapangalumbaba sa lamesa ng mga limatik?
ay, mayroon bagang arte sa kaartehan ng isang kris na taklesa
kung di lamang pagpapakangkang sa dambana ng mga iladong kasal?
ay, mayroon bagang silbi ang dasal at rebulto ng isang cory na luntian
kung di lamang bilang pampaakit sa gusi ng ginto ng mga obispo ng putlain?

subalit fiesta ng mga buwitre't uwak, bayawak at musang
sagana sa dugo, kumikislap ang mga pangitain, masangsang ang init
ng tamis sa lupang tigang, ang pait ng inasukalang dalamhati.
ay, kahabaghabag ang mga tumilapong laman at utak at buto.
ay, oo, kawawa ang mga napasailang na hininga't mga awit-tangis.
ay, hindi man naiwawaglit ang itim na panyo ng mendiola't namulandayan.
naghahari at maghahari pa rin ang pasistang tingga't pulbura sa tubuhan man,
sa palayan, gulayan, tabakuhan, gubat, ciudad, o malakanyang.
paulit-ulit, paulit-ulit ang pasyon at trahedya, ang pandanggo at chacha
ng mga nakabotas at nakakombat, ng mga nakapatig at nakakamoplads.

ay, dinto man maiwagat ti raas ti mannibrong, ti gatel ti kurimaong
ti uttog ti tirong iti tagapulot, bagas, galunggong ken bugguong
ay, dinto man maunas ti panagem ti birkog a tadem ken lidem

ania a dulce kadi ti nasken a maidaton tapnon mapnek ti tig-ab
dagiti dios ken padidios nga encargado iti kalintegan ken karbengan?
ania a sinam-it ti nasken a maisagut tapno mamsek ti siesta
dagiti encomendero ti sinanwayawaya ken propitario ti sinanjusticia?
naasukaran a sao ti kari ti asukar
di mamingga ti pakasaritaan a mawarwar
agud-uddog ti riribuk, dumulduldog ti rungsot
agkaiwara latta dagiti pabaur ken palab-og
nadiruan latta dagiti puraw a bitla, nagtagirosas latta dagiti posas
nakasutana latta iti pirak ken bituen dagiti rapas a balikas
iti asukarera ti ganggandiong a panagtagibalay
dagiti haciendero ken comprador ti panagturay

ngem dinto met agpatingga dagiti salog, dagiti unas a maimula
dinto met agpatingga a makisacada dagiti ling-et ken lua
daradaranto latta dagiti makemkem a gemgem, dagiti
maitag-ay a panabas
ay, dinto mabual ti bantay arayat, dinto makir-in ti
pamulinawen nga ayat
addanto latta puso ti pulso, addanto latta rubrob iti barukong
addanto latta ti beggang ti gera, addanto latta ti dangadang iti nakem

ay, hindi napapalis ang pagnanasa ng mandurukot, ang kati ng magnanakaw,
ang libog ng tulisan ng pulot, bigas, galunggong at bagoong.
ay, hindi nasasandat ang hilig ng mga berdugo ng talim at dilim.

anong dulce ba ang nararapat na maialay upang makontento ang dighay
ng mga diyos at nagpapadiyos na encargado ng katuwiran at karapatan?
anong minatamis ang kailangang mairegalo upang makaraos ang siesta
ng mga encomendero ng diumano'y laya at propitaryo ng diumano'y justicia?
inasukalang wika ang pangako ng asukal.
walang tigil na nakakalas ang ang kasaysayan.
umiikot ang kaguluhan, nauulol ang ang bagsik.
nagkalat pa rin ang mga bitag at patibong.
minatamisan lagi ang mga puting talumpati, may rosas lagi ang mga posas.
nakasotana pa rin ng pilak at bituin ang mga naghaharing tinig
sa azucarera ng kunwang pagbabantay-bahay
ng mga haciendero't comprador ng pamamahala.

subalit hindi't hindi titigil ang mga suwi, ang tubong itatanim.
hindi't hindi rin masasawata ang pakiki-sacada ang mga pawis at luha
duguan at duguang lagi ang mga itataas na kamao, ang mga iwawasiwas
na panabas.
ay, hinding-hindi mabubuwal ang bundok arayat, hindi matitigatig ang
tigas ng pag-ibig
mayroon at mayroon laging puso ang pulso, may silab lagi ang dibdib.
mayroon at mayroon tuwinang baga ang gera, may digma lagi ang isip.

Medel Mercado

TUBO

Patulisin ang
tubo at ibaon sa
mga palalo!

Gelacio Guillermo

HACIENDA LUISITA

Para sa mga welgistang kasapi ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) at United Luisita Workers Union (ULWU) at mga biktima ng karahasang pulis-militar noong 16 Nobyembre 2004

1
Alto, Primera Fila, Obrero, Camarin, Dolores —
Sino sa gayong kalawak ang nagtakda sa hugis ng aming buhay,
Sa gayong dikta ng kapalara'y kinailangang
Ang aming pagpapagal ay katugma ng kalupaan?
Ang mas mataas na lugar ay para sa mayayaman, ang mas mababa'y
Para sa mahihirap, ang namamagita'y latigo
Ng paligi, kung saan sinipsip at isinumpa ng mga linta ang aming kabataan,
Ang kanilang pag-aglahi'y nakatatak habambuhay sa aming mga katawan.
Pansinin ang pagkakahati: nasa kabila ang pabrika,
Bagama't ang braso ng aming mga ama at kapatid
Ang higit na mas malakas, ang kanilang mga braso
Ang nagpapabago ng mga panahon,
Ang nagbibigay-dangal sa pawis at dumi.
Tanging ang buhay nila ang hindi kanila.
Nakabahay sa kawalan ng matitirhan,
Tinitiis ng kanilang mga asawa ang kabuntisang walang kulay,
Namamatay sa kahihiyan ang kanilang mga anak o tumatakas.
Sila mismo'y naghihintay ng pagtanda na naghihingalo,
Nababalot ng pangingisay ng katahimikan, nakalambiting mga himulmol.
Narito ang kasaganaang umaapaw sa mga bagong
Hila ng maiitim na tren, na ang ingay nila'y para sa mga pangalang
Kanilang ibinabando — Don Pepe, Dona Sidra, Senyorita Pat, Senyorita Cory,
Silang tanging may karapatang yanigin ang aming mga gabi,
Karapatang ipinagkakait sa hikbi ng aming mga ina't anak.
Ang riles na nakapako sa lupa ay ang aming buhay
Na sinanay sa pagtitimbre ng oras
Sa Casita de la Guardia, gaano nang makaligtas
Sa hagupit ng Guardia Monte.

Alto, Primera Fila, Obrero, Camarin, Dolores —
Mga lokalidad ng makikitid na kalsada, na ang buhay
Ay nagwawakas sa pusalian ng aming naunsyaming pagmamahal.

2
Hindi likas ang mga panahon. Dalawa ang panahon,
Ang panahon ng kabyaw at ang panahong tigil, ang isa'y naglalawa
Sa grasa at mulasis, ang isa nama'y sintuyot ng bagaso.
Liban sa pagpapalit ng mga tauhan o bahagi ng makina,
Walang pagbabagong nagpapabago sa mga daang-riles ng panahon,
Ang kanilang mekanikal na pag-ulit-ulit ay nakapiston sa pasubaling
Walang anumang babaguhin, ni ang klima
Ng huntahan ni ang ani ng tungkulin o buhay.
Ang mga panaho'y bunton ng quedan at utang,
Sakuna't kamatayan, sakit at pagpapatalsik,
Walang paghinog ng mga bagong pag-iibigan o pagpawi
Ng di-makatarungang relasyon. Hindi prutas ang mga tubo,
Sila'y Sugar y Azucar, amoy-salapi
Mula sa Mill Department, sa
Boiling House hanggang sa Departamento de las Vias
Y Transportacion, at ang tinatawag na milagro
Ng panahon, na inuukulan ng dasal, ay
Ang mga sapal. Kaya nga't sa Alto, napipigil ng mga senyor
At senyora ang pagpapalit ng mga panahon
Para iwasiwas ng kanilang artipisyal na gubat ang mga sangang
May palagiang paabot na tag-araw. Ang kanilang libanga'y
Ang pagtatayo ng mga bangko at simbahan at pagpaparami
Ng mga tusong manok-pansabong at de-kwerdas na mga badigard.
Kaya nga't sa Obrero, Camarin, Dolores, Lote,
Balete, Mapalacsiao, dumadaloy ang lahat tulad ng dati:
Naglalaro ang mga bata ng kanilang pinamagang raberband,
Na madaling maputol, inaalo sila ng kanilang mga ina
Ng tubo, panutsa, muskobado o repinadong asukal,
Na paubos na, ang kanilang mga ama'y
Lalong nabibingi't natutulala sa lambong nitong beintekwatro oras
Na makinaryang animo'y bagyo't kulog, lahat di maglalao'y huhupa
Sa ingit ng nag-iisang gulong ng bagon. Ang panahong tigil
Ay ang panahong nadiskaril, nanginginig sa manipis

Na tunog ng upod na bakal.

Kapag ang init
Ay tumindi, hindi na nila kailangang ipulupot ang kanilang buhay sa arko
Ng panamampalataya sa mga panahong ito, o mamulot ng malulungkot
na kabute
Sa bunton ng madikit, umuusok, maitim na dumi
Ng kanilang paggawa. Sa kanilang mga barak, hinahasa
Ng mga tabasero ang kanilang mga karit sa kanilang mga sugat.
Hindi
Na nila hihintayin ang mando ng Jefe de los Tabaseros.
Sa panahong sila mismo ang gumawa, sa tubuhan
Ng lahat nilang nabaling nasa, itinataas nila ang karit
Sa tanging maindayog nilang paraan ng pagtabas.

3
Sa dakong huli, ikaw
Ay parang pinangos na tubo
At tuyong sapal na nang iluwa
Sa pusalian ng sentral.
Dumadagundong ang mga bagon
Sa riles ng iyong naninikip
Na dibdib,
Pinipitpit ang bawat tumilapong
Tibtib ng iyong buhay.
Ang silbato'y mga tili
Ng iyong paghinding
Hindi naibulalas sa hanging
Naninikit sa lapot ng mulasis
At walang kipkip na mga pangako
Kundi ang mga bagasong
Gangga-puwing,
Nangangamoy sa salaping
Di lalapag sa iyong palad,
Sa iyong palad na walang guhit
Ng kapalarang di nangitim
Sa grasa ng kapagurang
Pinagsamantalahan.

Naging katawan mo
Ang iyong kasuotan, kulubot,
Kupasin,
May mantsa ng kirot sa bawat punit,
Ngunit sa pagtatagni-tagni'y
Napagdurugtong ang siwang sa langit
Ng iyong pagmamahal.
Pinanday mo ang bakal
Hanggang naging sintigas ng bakal
Ang iyong kamay,
Ngunit para sa iyong palad,
Isang butil ng asukal.
Isang butil ng asukal lamang ba
Ang babauning hapunan ng iyong
Gunita?
Ang mga makina ba'y nagkakalampagan
Upang pagsapit ng tag-araw
Ay walang maririnig kundi
Ang langitngit ng kinalawang na bagon
At hikbi ng pag-usbong
Ng mga kabute sa tubuhan?
Ang ani ba ng iyong paggawa'y
Mga matang walang tilamsik
Ng nagbabagang asitelin,
Mga labing tikom, hindi maihayag
Ang ngalan at lakas ng uri?
Isang butil ng asukal
Sa iyong palad,
Kaybusilak, pagkat ang kamay mo'y
Iyong dinumhan. Lagumin mo
Iyang isang butil sa iyong pawisang
Palad, itikom na ang naghihingalong
Mga daliri, ang iyong kamao'y
May hugis ng daigdig
Na nakaamba.
Iyong banaagin, sa kabila
Ng nakalambong na dilim,
Ang isang panahong

Hindi na magpapabukas —
Kaytindi ng sapok ng araw,
Nakasisilaw ang talim ng mga karit.
Sabay-sabay ang lagapak
Ng tubo sa parang:
Atin!
Nakabibingi ang mga makina,
Bumubulwak ang kumukulong
Pulot sa higanteng mga kawa,
Pumuputok ang almasen
Sa kaban-kabang butil
Ng ating paggawa:
Atin!
Sa talsik ng dugo'y
Tumitingkad ang kulay
Ng kasaysayang ang kauri mo
Ang nagwawagayway.
Sa noo mo'y nag-aapoy
Ang pinagbuklod na kaapihan.
Sa siklab ng iyong huling
Paghinga'y nagsisimula
Ang titis ng tagumpay.

4
Kung kami'y magkakapit-bisig, hindi ka ba nangangamba?
Libo-libo kami, milyon-milyon, tumutugon sa panawagan
Ng mga kapatid naming nanumpa sa isang dakilang simulain.
Makinig ka't manginig sa galit na umaalingawngaw sa aming tinig!

Kami'y nagmula sa lahat ng dakong ang tao'y nabubuhay
Na niyuyurakan at namamatay na tila asong gutom.
Kami'y nagmula sa mga kalye't barungbarong ng mga bayan
At lunsod, nagmula sa mga pabrikang nagtatakda

Na ang galaw ng bawat araw ay nakababagot, parang makina,
Habang dala-dala namin ang panggigipuspos ng kaluluwa,
Habang naghihimagsik ang puso laban sa lahat ng pwersang
Humihila sa amin sa hukay. Kami'y nagmula sa lungga ng daga.

Mangingilabot ka kapag nakita mong iwinawagayway ang bandila
Ng aming pagkakapatiran, kapag narinig mo ang taginting
Sa mga tinig na pinagbuklod ng isang awit, ang awit
Ng dukhang manggagawa, ng walang hanap-buhay, ng nagugutom,

Ang awit ng walang tahanan at walang sariling lupa
Sa bayang sinilangan. Kasama namin ang aming mga kabiyak
At walang-malay na anak, at ang multo ng aming mga ninuno
At ng laksa-laksang nangamatay na kailanma'y hindi namin nakilala.

Kung kami'y magkakapit-bisig, hindi ka ba nangangamba?

(1962-1972)

Mula sa aklat ng mga tula, Azucarera (Sipat 1994). Ang mga tula #1 at #2 ay sariling salin ng may-akda. Ang tula #4 ay salin ni Jose F. Lacaba.

IPASA, 12/20/04

Danilo Hernandez Ramos

KILUSANG MASA, IBAYO ANG PAGSIGLA

Bagyo at sigwada, tumama sa masa
Sumira sa pananim ng masang magsasaka
Kumitil sa maraming buhay
Dulot ay pangungulila
Tumangis ang sangkatauhan
Hagupit sa bayan
Lumatay sa buong katawan

Bakit, bakit? Ano ang dahilan?
Sino ang salarin, dapat managot sa taong-bayan?
A... di ba politikong ganid sa kapangyarihan at natural na yaman?
Pansariling kapakanan, laging nasa unahan
Naghaharing uring walang malasakit sa masa
Kasabwat ang mga burukrata
Tagapangalaga ay militar sa nayon at kabundukan
Rehimeng mapanlinlang, wala daw pananagutan
Naghanap ng masisisi
Na siyang may kagagawan
Takasan ang pananagutan
Umiwas sa pag-uusig ng taong-bayan

Di pa nakontento, buwis dito, buwis doon
Kaliwa't kanan nais na ipataw
Sa masang naghihirap
Na di na makagulapay

Anakpawis na humihiling ng LUPA, TRABAHO at KARAPATAN
Lehitimo at makatwiran
Upang mabuhay nang marangal
Karahasan-bala ang tugon ng estado at asendero
Kumitil sa buhay sumugat sa katawan

Pagpupugay sa martir ng kanayunan
Mga bayaning nag-alay ng buhay para sa bayan

Masa'y di nasindak sa militar, PNP at mga ahente ng mga kaaway ng bayan
Bumangon, nanindigan
Mas malakas, lalong tumibay
Iisa ang sigaw: lupa, trabaho at karapatan IPAGLABAN!
Sama-samang ipaglaban
Panagutin ang salarin
Hustisya ang kailangan

Di mapipigil ang kilusan
Anuman ang gawin ng estado at tulong ng dayuhan
Kilusang masa sa kalunsuran
Sumisigla sa buong kapuluan
Handang ipaglaban kagalingan ng masa
Sa kanayunan, rebolusyonaryong kilusan
Lumalakas at lumalawak ayon sa pamahalaan
Tangkilik at itinataguyod ng masa
Di kayang gapiin
Tunay na tagapaglingkod ng sambayanan

Sa darating na taon
Bagong taon, bagong hamon
Pag-ibayuhin ang pagkilos at kampanya
Pagpapalakas ng samahan na daluyan ng ating mga panawagan
Pag-antig sa kamalayan ng ating kababayan
Tiyak tayo darating ang araw
Magagapi ng kilusan ang mga kaaway ng bayan
Mawawakasan dominasyon ng dayuhan
Bukang-liwayway ay sisilay
Magtatagumpay ang bayang lumalaban

Binigkas ng may-akda sa welga ng mga manggagawang-bukid at manggagawa sa Hacienda Luisita, Tarlac, 11/18/04.

Usman Abdurajak Sali

IKAW, IKAW NA AKING KAPATID

Ikaw na pawis ang nagpapatamis sa tubo,
Ikaw na dugo ang nagpapaluwal ng salapi,
Ng yaman at karangyaan ng iyong mga amo,
Ng kabundatan at di matighaw nilang luho;
Oo ikaw, ikaw na nagprotesta't nagreklamo,
Na sinalubong nila ng singasing ng punglo;
Huwag kang manghina sa pagkalagas ng ilan.
Sige lumuha ka. Magluksa ka. Mamighati.
At buong giting na ipagpatuloy ang laban.
Tibayan ang hanay. Ang loob. Ang puso.

Ikaw na kapatid kong manggagawang-bukid,
Ikaw na sakadang inapi nila't sinalaula,
Ikaw, ikaw na ginagatasan ng among ganid,
Oo, ikaw na gatasan, gatasang manggagawa;
Magbuklod. Kapitbisig — tibayan ang hanay.
Sumulong. Magtagumpay. Gapiin ang kaaway.
Huwag mong pangilagan ang bakal na pangil,
ng kanilang kulay-ahas na bangis at bagwis;
Huwag kang matakot sa mersenaryong baril,
hindi nito masusugpo ang tunay mong lakas.

Tibayan ang loob. Ang hanay. Magpatuloy.
Magbuklod. Kapitbisig. Ikaw ay sumulong!
Sakada. Manggagawa. Manggagawang-bukid.
Magkaisa. Magkapitbisig. Sumulong!
Huwag kang mangiming itaas ang kamao,
Laban sa sakim na amo't mga mersenaryo.
Kasama mo ang mahigit isang daang larangan
sa mapupulang lupain ng buong kapuluan;
Asintado ang hustisya ng mapupulang punglo,
Na maniningil-naniningil ng utang na dugo!

Nanginginig ang tuhod ng mga ganid,
sa nakaambang araw ng paghuhukom!

Kristoffer Berse

ASUKAL

Mga asukal tayong nakikibaka
Sa loob nitong babasaging hacienda.

Kung kaya't ngayon, muli nating tinatahak
Ang yapak ng ating mga ninunong nilagok
Na ng kung sinu-sinong mangangape:
Sa loob nitong munting garapon,
Dikit-dikit, siksikang higit pa
Sa naggigitgitang mga sardinas,

Tayo ay nagpipiket:
Ibigay ang karampatang dagdag
Na tamis sa uring hikahos!

Batid nating malabong marinig
Ang agit-it ng ating dibdib:
Kuwebang kulob itong kinalalagyan,
Mahigpit ang pagkakapinid ng takip
Nitong garapa; naghihilik
Pa man din ang bundat na tasa
Sa ating harapan. At tayo,
Sino ba tayo kundi mga mumunting
Butil lamang na piniga't pinatuyo
Mula sa katas ng pinagpalang tubuhan?
Ni hindi tayo maaring dildilin
Kapag sinasakmal ng gutom
Ang bituka ng bayan.

Walang katiyakan itong pakikitalad:
Magprotesta man tayo'y
Di nila diringgin; madaling
Maghanap ng pamalit sa atin,
Kilo-kilo kung dumating:
Mga anak ng lupang sinunog

Ng naghaharing-araw ang balat
O kundi ma'y pinapusyaw ng kawalan;
Mga sakada't magsasakang inaaglahi
Sa dulang ng karangyaan.

Nasa mainit na kape raw
Ang ating kamatayan
Kaya sa mga nangangahas mag-aklas,
Kutsaritang tingga ang kanilang panlaban:
Isa-isa tayong dinudukot
At 'pinanghahalo sa inuming
Umuusok sa ganid at poot.
Kamakailan lang, labing-apat
Na butil ang kanilang hinugot
Mula sa ating hanay
Sa pag-aakalang sasakluban
Tayo ng takot at mangayupapang muli.

Ay, anong kabalbalan!

Kung alam lang nila,
Matagal nang hindi nakakaramdam
Ng sakit ang ating paninindigan
At sa bawat pagbubuwis ng buhay-
Butil na kanilang kinikitil,
Lalong tumatamis itong 'pinaglalaban.

Spin, Alexander Martin Remollino, Roy Monsobre, at Rustum Casia

HINDI HACIENDA LUISITA ANG HANGGANAN NG PANININGIL

"*Kapag may pinapalong kabataan, may nag-e-enrol sa Sierra Madre.*"
- Apolinario Alvarez

Oo, hindi kami mga magbubukid ng Hacienda Luisita
Ngunit hindi kami bingi sa kanilang hinaing
Hindi kami manhid sa kanilang 'dinaraing
Kami at ang mga magbubukid ng Luisita ay iisa
Kaya't naririto kami, kasamang nakikibaka

Nakikitalad kami
Sapagkat ayaw naming maging mga patay na tulad ninyo
Bawat tao'y isang tangkay ng tubo
At bawat tangkay ng tubo'y bahagi ng tubuhan
Kaya't bawat punlong patagusin sa yayat na dibdib
Ng mga manggagawa't sakada sa inyong asyenda ng dugo
Ay saksak ng patalim sa aming mga puso

Nalalaman naming hindi kami kabilang
Sa mga manggagawang-bukid ng Luisita
Subalit kami'y mga kapatid, kasama
At kapanalig ng mga manggagawang-bukid
Na inyong inaalipin at pinagsasamantalahan
Kaya't ang bawat hinagpis ng aming mga kapatid
Kasama at kapanalig sa inyong asyenda
Ay amin ding hinagpis
Ang hirap na kanilang nadarama
Ay amin ding nadarama

Nararamdaman namin ang init ng araw
Sa kanilang mga likuran
Nararamdaman namin ang hirap
Sa paulit-ulit nilang pagyuko
Tuwing isasampa ang ilang kilo ng tubo

Sa kanilang mga balikat
Nararamdaman namin ang paltos
Sa kanilang mga palad
Sa madalas-sa-minsang pagtabas sa tubuhan
Nararamdaman namin ang kanilang hirap
Nararamdaman namin ang pagiging kaisa
Nararamdaman namin ang kanilang pakikibaka
Sa aming mga sariling pakikibaka

Kaya't huwag pagtakhan kung kami'y naririto, nakikibaka
Sapagkat unibersal sa amin
Ang kahulugan ng "kasama"
At sapagkat ang aming pagkakaisa
Ay tumatawid sa mga hangganan ng Hacienda Luisita
Manginig kayong mga ganid
Sa katarungang uusig sa inyo
Na ang mga kamao'y nasa Tarlac
At mga paa'y nasa Kamaynilaan
At ang mga bandilang tangan namin
Ay may bituing ang liwanag ay sumisilay
Hanggang sa tuktok ng Arayat at Sierra Madre

11/18/04

MGA NAG-AMBAG NG TULA

Maryjane Alejo
Isang *freelance performing artist* at kasapi ng Tambisan sa Sining, isang kultural na grupo ng mga manggagawa. Kasapi rin ng Concerned Artists of the Philippines (CAP). Naging tagapangulo rin ng grupong Alay Sining sa UP Diliman noong 1996-98. Isa siya sa mga nagtatag ng Ugnayan ng Nagkakaisang Artista (UNA) sa UP noong 1998. Bokalista at gitarista ng ND Go Gerls.

Mark Angeles
Dating *associate editor* ng *The Catalyst*, pahayagang pangkampus ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Sta. Mesa, Maynila. Naging punong patnugot din ng *The Communicator* ng PUP College of Language and Mass Communications. Dating pangalawang pangulo para sa Luzon ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP).

Noel Sales Barcelona
Manunulat sa alternatibong pahayagang *Pinoy Weekly* at koordineytor ng National Center for Philippine Media (NCPM).

Kristoffer Berse
Ipinanganak sa Mindanao, lumaki sa Visayas, namulat sa Luzon, at kasalukuyang nakikipagsapalaran sa Japan bilang Programme Fellow ng isang inter-governmental organization. Nalathala na ang ilan sa kanyang mga tula sa literary folio ng *Philippine Collegian*, *Sunday Inquirer Magazine*, at *Silangan Shimbun*.

Isidro Binangonan
Si Ka Isko ay kasalukuyang pumupusturang mamamahayag. Naglalayag siya upang hanapin ang mga sakit at butas, gayundin ang pag-asa at tunay na paglaya.

Rustum Casia
Unang miyembro ng kilometer64. Nakatambay siya lagi sa Fudge Cafe, di naman umoorder ng kape. Tambay lang talaga.

Kristian Cordero

Nag-aral sa seminaryo sa Naga at kasalukuyang naninilbihan sa Archdiocesan Mission Office at sa parokya sa Iriga. Nakapaglathala ng kanyang unang koleksyon ng tula/rawit-dawit, *Mga Tulang Tulala: Piling Tula sa Filipino, Bikol at Rinconada* (Goldprint Publishing House, Naga City). Nanalo sa 2004 Premio Tomas Arejola para sa Literaturang Bikolnon (Tula) at dalawang beses sa *Homelife Magazine* (Ikalawang Gantimpala, 1999, at Unang Gantimpala ngayong taon). Kasapi siya ng Kabulig, ang unyon ng mga manunulat sa Bikol.

Jeremy Evardone

Isang mag-aaral ng lipunan na nag-shift mula sa University of Eastern Philippines (UEP) sa Northern Samar. Wala siyang credentials kundi ang paglahok sa mga pagkilos ng mga kamag-aral niya at ng masang kamag-anak nila. Ngayon, tulad ng pagsusulat ng thesis, nag-aaral siyang tumula.

Mark A.V. Funcion

Kasalukuyang (nagpapa)alipin sa sistemang sahuran. *Part-time worker* ng isang itinatayo pa lamang na institusyon/NGO. Dalawampu't apat na taon nang nabubuhay pero hindi pa rin alam kung tutungo sa landas ng pagsisilbi o pagkamakasarili. Kumbinsidong ang mundo at buhay ay puno ng kontradiksiyon.

Tata Raul G. Funilas

Isang mangingisda sa isang islang sakop ng lalawigan ng Rizal at manggagawa sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa Diliman. Hanggang ikaanim na baitang lamang sa elementarya ang natapos niya sa pag-aaral. Natuto siyang magsulat sa kalakha'y sa sariling kayod. Nakapasa at nakapagtapos din sa palihan ng Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA).

Prex Galero

Estudyante ng Nursing sa isang kolehiyo sa Maynila at bukod pa'y isang mang-aawit at manunugtog na rakista.

Gelacio Guillermo

Naging manggagawa sa Hacienda Luisita noong kanyang kabataan. Nagtapos siya ng English Literature sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) at lumahok sa International Writing Program ng University of Iowa (1969-70). Tagapangulo siya ng Instituyt sa Panitikan at Sining ng Sambayanan (IPASA, http://www.geocities.com/ipasa_pagkabasa/) at nangungunang tagapagsulong ng pambansa-demokratikong panitikan.

Lei

Dating mag-aaral ng Technological Institute of the Philippines (TIP). Ngayon ay tagapangulo ng konseho ng mga mag-aaral ng Adamson University.

Medel Mercado

Dalawampu't walong taong gulang, tubong-Pampanga at nakabase sa Sta. Ana, Maynila. Hilig niya ang pagsusulat. Nakatapos siya ng sikolohiya.

Roy Monsobre

Tubong-Mindoro Oriental at kasapi ng Musicians for Peace (MP). Bokalista ng bandang No Preservatives Added at ng spoken-word-band na Medulla Oblongata. Sa pana-panaho'y *session guitarist* din ng iba pang mga banda.

Ronalyn Olea

Nagtapos ng Journalism sa Lyceum of the Philippines, naging pambansang tagapangulo siya ng CEGP. Nitong nagdaang halalan ay isa siya sa mga nominado ng Anak ng Bayan Youth Party (AnB) sa pagkakinatawan sa Kongreso.

Louie Queano

Dating kasapi ng Galian sa Arte at Tula (GAT). Ngayon ay nakabasa sa Stratford, Canada.

Danilo Hernandez Ramos
Magsasaka sa Bulacan at pambansang tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Alexander Martin Remollino
Isinilang noong 1977 sa Mandaluyong, lumaki sa Laguna, at nag-aral ng Legal Management sa UST noong 1994-98. Isa ring peryodista, kasapi siya ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) at noong 2003 ay lumahok sa kampanyang Media for Peace. Ilan sa kanyang mga akda ang naisama na sa mga antolohiya — kabilang ang *Slam the Body Politik*, isang *multi-media CD ROM* na lumabas sa Australya.

Jonar Sabilano
Dating patnugot ng Matanglawin.com, ang *online* na pahayagang Filipino ng Ateneo de Manila University.

Sadirmata
Isang Ilokanong manunulat na mula sa Cagayan Valley.

Usman Abdurajak Sali
Mahigit dalawang dekada nang nakikipagsapalaran sa tumbalik na daigdig. Sa ngayon ay nangangarap sa pagsapit ng araw na magiging bilog ang mundo at mawawasak ang tatsulok na balangkas ng lipunan.

/spin
Noo'y organisador sa hanay ng mga militanteng manggagawa at maralitang-lunsod. Ngayo'y nalalaglag at nagpapakalagalag.

Santiago Villafania
Isang makatang taga-Pangasinan at *web designer* na nakabase sa Maynila. Nagsusulat siya sa mga wikang Pangasinan, Ingles, at Filipino. Ilan sa mga tula niya ang nalathala na sa mga publikasyong local at internasyunal. Isinusulong niya ang preserbasyon at pagpapanibagong-sigla ng gamit ng wikang Pangasinan sa mga akdang pampanitikan. Awtor ng *Pinabli tan arum ni'ran Anlong (Beloved and Other Poems)* at *Malagilion: Soniton Pangasinan*.

photos by *Jes Aznar*
http://www.bulatlat.com

NILALAMAN

Mga Bukas na Liham sa Hacienda Luisita, Alexander Martin Remollino, 5 | *Hacienda Luisita*, Santiago Villafania, 8 | *Kay Ninoy, Sa Bukana ng Hacienda Luisita*, Jonar Sabilano, 9 | *Hacienda Lucifera*, Mark Angeles, 11 | *Asukal*, Mark A.V. Funcion, 15 | *Sonito 207: Hacienda Luisita*, Santiago Villafania, 16 | *Katas ng Tubo*, Tata Raul G. Funilas, 18 | *Natuyong Tubo*, Alexander Martin Remollino, 19 | *Asukal*, Noel Sales Barcelona, 21 | *Isa Lamang sa Mga Hindi Na Nabalitaan*, Maryjane Alejo, 27 | *Asukal*, Rustum Casia, 29 | *Azu Carera*, /spin, 30 | *Mga Alibangbang sa Azucarera*, Kristian Cordero, 32 | *Noon Pa Sila Ipinananaghoy ng mga Batingaw*, Alexander Martin Remollino, 37 | *Posterized*, Rustum Casia, 38 | *Kumintang ni Marcelino Beltran*, Mark Angeles, 39 | *Masaker*, Usman Abdurajak Sali, 41 | *Magsanlibo Man ang Kanilang Buhay*, Alexander Martin Remollino, 43 | *Dugo't Punglo*, Tata Raul G. Funilas, 44 | *Luisita*, Rustum Casia, 47 | *Sige, Magdasal Ka*, Jeremy Evardone, 49 | *Te Deum*, Prex Galero, 51 | *Cory*, Medel Mercado, 52 | *Walang Duda*, Usman Abdurajak Sali, 53 | *Katarantaduhan sa Hacienda Luisita*, Jeremy Evardone, 54 | *Kabilang Sila sa mga Salarin*, Alexander Martin Remollino, 55 | *Sa Pamilyang Mamamatay-Magsasaka sa Mendiola Man o sa Luisita*, Isidro Binangonan, 56 | *Hacienda Luisita*, Ronalyn Olea, 59 | *Kasiguruhan*, Lei, 60 | *Hacienda*, Louie Queano, 61 | *Tarlac*, Alexander Martin Remollino, 62 | *Asukar*, Sadirmata, 64 | *Tubo*, Medel Mercado, 68 | *Hacienda Luisita*, Gelacio Guillermo, 69 | *Kilusang Masa, Ibayo ang Pagsigla*, Danilo Hernandez Ramos, 75 | *Ikaw, Ikaw na Aking Kapatid*, Usman Abdurajak Sali, 77 | *Asukal*, Kristoffer Berse, 78 | *Hindi Hacienda Luisita ang Hangganan ng Paniningil*, Spin, Alexander Martin Remollino, Roy Monsobre, at Rustum Casia, 80



http://groups.yahoo.com/groups/kilometer64/